Republika ng Pilipinas
**Kagawaran ng Edukasyon**
REHIYON III
TANGGAPANG PANSANGAY NG BULACAN

Pebrero 20, 2026

Sa: Katuwang na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe ng CID at SGOD
Punong Guro ng mga sumusunod na Paaralan
1. Sta. Monica National High School
2. Cambaog National High School
3. Banga High School
4. Felizardo C. Lipana National High School
Pansangay na Project Development Officer I – Youth Formation Coordinators

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan, sa pamamagitan ng Provincial Youth and Sports Development Office (PYSDO) ay magsasagawa ng **"Responsible Youth Towards a Life readY for the Future o RYT LYF"** at **"Kabataan Karavan o KK"**, kung saan pinag-uusapan ang mga isyu at hamon sa mga kabataan ng kasalukuyang panahon. Layunin ng programang ito na kanilang maunawaan ang mga pagbabago sa kanilang buhay at matulungan silang magkaroon ng matalinong pagpapasya para sa kanilang kinabukasan. Ilan sa mga paksang tinatalakay sa RYTLYF ay ang Early Teenage Pregnancy, Substance Use and Abuse, Mental Health, Anti-Bullying, at Sexually Transmitted Infection o STI, samantalang Sangguniang Kabataan (SK) Updates, Voters' Education, Climate Change, Disaster Preparedness, at Youth Organization Registration Program (YORP) naman sa Kabataan Karavan (KK). Ang mga kawani ng PYSDO ay magpupunta sa mga sumusunod na piling apat (4) na public secondary schools sa mga sumusunod na petsa:

1. Marso 10, 2026 – Sta. Monica National High School, Hagonoy, Bulacan;
2. Marso 11. 2026 – Cambaog National High School, Bustos, Bulacan;
3. Marso 12, 2026 – Banga High School, Plaridel, Bulacan; at
4. Marso 13, 2026 – Felizardo C. Lipana National High School, Guiguinto, Bulacan.

Kaugnay nito, magalang na hinihiling ang paglahok ng mga piling limampung (50) mag-aaral mula sa Grades 10-12 (Junior at Senior High School) sa nabanggit na mga paaralan upang lumahok sa nabanggit na gawain.

Hinihiling na tupdin ang mga sumusunod na paalala para sa mga mag-aaral na dadalo:

1.) Nakasuot ng school uniform at ID;
2.) Mayroong kasamang isang (1) gurong tagapayo; at
3.) Boluntaryo ang paglahok at mayroong parents/guardians' consent.

**Address:** Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
**Website:** *https://bulacandeped.com*
**Email:** *bulacan@deped.gov.ph*

Para sa iba pang katanungan at detalye, maaaring makipag-ugnayan kay G. Rosque G. Marcelo, Administrative Staff ng Provincial Youth and Sports Development Office (PYSDO), sa telepono blg. 0976 133 8525,

Para sa kabatiran, gabay at kaukulang pagtalima.

[redacted]

**CECILIA E. VALDERAMA, PhD, CESO VI**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

**LIHAM PANSANGAY**
**Blg. 26 s. 2026**

09761338525
ROZKY MARCELO
PYSDO

LALAWIGAN NG BULACAN 1578 SAGISAG

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN**
LUNGSOD NG MALOLOS

Management System ISO 9001:2015 TÜVRheinland CERTIFIED www.tuv.com ID 9105085309

DepEd - SDO of Bulacan
RECEIVED
FEB 05 2026
BY:

## PANLALAWIGANG TANGGAPAN SA PAGPAPAUNLAD NG KABATAAN AT ISPORTS

DepEd-SDO of Bulacan Office of the SDS
RECEIVED
FEB 05 2026
By:
Time: 4:30

Pebrero 3, 2026

**DR. CECILIA E. VALDERAMA, CESO VI**
Assistant Schools Division Superintendent
Officer-In-Charge
Office of the Schools Division Superintendent
Lalawigan ng Bulacan

Mahal na **Dr. Valderama:**

Isang mainit na pagbati!

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan, sa pamamagitan ng aming tanggapan, ang Provincial Youth and Sports Development Office, ay muling magsasagawa ng "*Responsible Youth Towards a Life readY for the Future o RYT LYF*" at "*Kabataan Karavan o KK*", kung saan pinag-uusapan ang mga isyu at hamon sa mga kabataan ng kasalukuyang panahon. Layunin ng programang ito na kanilang maunawaan ang mga pagbabago sa kanilang buhay at matulungan silang magkaroon ng matalinong pagpapasya para sa kanilang kinabukasan. Ilan sa mga paksang tinatalakay sa RYTLYF ay ang *Early Teenage Pregnancy, Substance Use and Abuse, Mental Health, Anti-Bullying* at *Sexually Transmitted Infection o STI,* samantalang *SK Updates, Voters Education, Climate Change, Disaster Preparednes* at YORP naman sa KK. Ang amin pong tanggapan ay mag-iikot sa ibat-ibang bayan at lungsod ng ating lalawigan upang maibaba ang programa at mabigyan ng kaalaman at mas malalim na pang-unawa ang mga kabataan sa mga hamon ng buhay.

Kaugnay nito, magalang po naming hinihiling sa inyong mabuting tanggapan na makapagsagawa ng mga nasabing programa sa mga *high school students* ng mga paaralang inyong nasasakupan.

Para sa iba pang katanungan at detalye, maaari pong tawagan si G. Rosque G. Marcelo sa telepono blg. 0976.133.8525.

Pauna na ang aming pasasalamat at inaasahan po namin ang inyong positibong pagtugon sa aming kahilingan.

Lubos na sumasainyo,

**ABGDO. NIKKI MANUEL S. CORONEL**
Nanunungkulang Punò

*Gat. Blas Ople Bldg., Antonio S. Bautista Bulacan Provincial Capitol Compound, City of Malolos, Bulacan 3000*
***Tel:** +(63)764-1268* ***Email:**bulacanyouth.pgb@gmail.com*



**GOB. DANIEL R. FERNANDO**
**BISE GOB. ALEX C. CASTRO**
AT SANGGUNIANG PANLALAWIGAN

"Sipag at Tapat na Naglilingkod sa Inyo."
**NEW GENERATION OF PUBLIC SERVANTS**
govdanielfernando vgalexcastro
www.bulacan.gov.ph